

## Pampublikong Asosasyong Pandaigdig sa Lungsod ng Kawasaki



# KIAN Kumusta Kawasaki

**Wikang-Hapon, Ingles, Chinese, Koreya, Espanyol, Portuges, Filipino, Biyetnames, Taylandes, Indonisya, Nepalis at Madaling-Hapon**

Makikita rin sa website ng Asosasyon <https://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>

〒211-0033 2-2 Kizuki Gioncho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa-ken

Tel:044-435-7000 Fax:044-435-7010 <https://www.kian.or.jp/> E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp

\*\*\*\*\*

## Sesyon sa pagpuna ng “Application ng Public Housing”

Sa mga nais mag-apply sa public housing ngunit hindi alam paano i-fill-up ang application form. Sa mga may ganitong alalahanin, i-aassist namin kayo sa pag-fill-up ng application form at maaaring ipasa agad ang aplikasyon form.

May interpreter sa (Ingles, Chinese, Portuges, Filipino, Nepalis at Biyetnamis)

**Petsa : Hunyo 13 (Sabado) 10:00-12:00**

**Libre**

**Lugar : Kawasaki International Center, Activity room**

**Reserbasyon : Tumawag, mag-e-mail o bumisita sa tanggapan at magpareserba bago sumapit ang Hunyo 11 (Huwebes)**

**Tel.: 044-435-7000 E-mail: soudan39@kian.or.jp**

Ang Public-Housing ay para sa mga mamamayan na may mababang kita na nahihirapang makahanap ng murang upa. Hindi gaya ng ordinaryong apartment, wala itong “reikin” at renewal fee. Gayunpaman, mayroong ibat-ibang mga regulasyon, kabilang ang pamantayan ng kita sa pag-apply, pagkatapos mag-apply at pag-nakalipat na. Magsasagawa ng pagsusuri ng kita kada taon upang matukoy ang bayad sa pagtira (renta).

Kwalipikasyon : 1. Nasa sapat na gulang

2. Residente o manggagawa ng lungsod ng Kawasaki ng mahigit 1 taon.

3. Hindi dapat lumagpas sa tiyak na buwanang kita

4. Namomroblema sa tirahan



\*\*\*\*\*



## Fureai Kouryukai

**Tara! Magluto tayo at pag-usapan natin ang mga putahe sa ibat-ibang bansa !  
“Pagkaing Vietnamese”**



Ipapakilala rito ang masasarap na recipe na madaling lutuin kahit sa bahay, pati na rin ang mga aspeto ng kulturang Biyetnamis.

**Petsa : Ika-18 ng Hulyo (Sabado) 11:00am-1:00pm**

**Lugar : 2F Cooking room ng Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki**

**Halaga : ¥1,600**

**Kapasidad : 15 katao**

**Pagpatala : Hanggang Hulyo 10 (Biyernes) ang reserbasyon. E-mail o website form**

**Tel: 044-435-7000 E-mail : soudan39@kian.or.jp**

※Paalagaan: Mula 1yr.old hanggang pre-school.(Libre, kailangan magpa-reserba)

# Summer language class para sa mga bata

**Kailan :** 2026 Agosto 4 (Martes), 5 (Miyerkules) at 6 (Huwebes)

**Kapasidad :** 15 bata kada klase (paunahan)

**Tuition :** ¥3,300 bawat bata (kasali ang aklat)

**Lugar :** Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

**Paraan ng pagsali :** Mula Hulyo 1 (Miyerkules), magrehistro mula sa website ng Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki.



Rehistrasyon

Pangalan ng Klase	Oras	Kwalipikasyon	Guro
English for Children A	1:00pm-2:00pm	Gr.1 & 2	Ms.Elda Beatriz Fujikura (Tubong Argentina)
English for Children B	2:30pm-3:30pm	Gr. 3 & 4	
Spanish for Children	10:30am-11:30am	Gr.1, 2, 3, 4 at 5	Ms.Jovani Ichikawa (Tubong Peru)

## Pakonsultahan ng mga Dayuhan sa Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

Huwag mag-atubiling kumunsulta kung may problema at nais itanong (Libre)

### MAARING KOMUNSKULTA SA ZOOM ONLINE !

Ang reserbasyon ay sa website

Oras maaaring komunsulta 9 am-5 pm (Bukas kahit tanghali)

Direktang Dial Tel. 044-455-8811

Maaaring komunsulta sa tagapayo ng personal, sa telepono, e-mail o online.

Kung wala ang tagapayo na maaaring makausap sa nais na wika, gagamit

kami ng 3 way call interpreter.

Wika	Araw	Paraan ng pagtanggap
Madaling-Hapon, Ingles, Chinese, Filipino, Portuges, Nepalís, Betnamis, Espanyol, Taylandes, Koreya	Lunes - Sabado	Mayroong serbisyo ng Konsultasyon sa tagapayo o interpreter. <b>(Paalala)</b> Kung wala ang tagapayo sa partikular na araw, ang konsultasyon ay isasagawa sa pamamagitan ng 3 way call translation.
Indonisya	Lunes - Biyernes	



Reserbasyon sa Online



Website ng Kawasaki International Association

## Libreng Konsultasyon sa Administrative Scrivener

Malawak ang paksa na maaring i-konsulta sa Administrative Scrivener, gayunpaman ang mga pangunahing konsultasyon ay kinabibilangan ng pag-fill up ng mga aplikasyon, pagmana ng ariarian, visa o residence status, pagtatag ng kompanya, pagsulatng kontrata atbp.

**Ginaganap ang konsultasyon tuwing ika-3 Linggo ng buwan. Ang konsultasyon ay sa Nihonggo lamang subalit maaaring humiling ng interpreter. (May bayad)**

Hunyo 21 (linggo), Hulyo 19 (linggo) 2pm-4pm (Center Activity room 2F)